Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagtukoy sa Salitang Inilalarawan ng Pang-abay

Kakayahan: Naitutukoy ang salitang inilalarawan ng pang-abay sa pangungusap

Ikahon ang salitang inilalarawan ng pang-abay na may salungguhit. Isulat sa patlang kung ang salitang inilalarawan ng pang-abay ay **pandiwa**, **pang-uri**, o **pang-abay** din.

_____ 1. Inumin mo na ang kape habang <u>medyo</u> mainit pa ito.

_____ 2. Ang munting regalo ay <u>magiliw</u> na tinanggap ng bata.

_____ 3. Ang *prayer rally* ay <u>mapayapang</u> idinaos sa Luneta.

_____ 4. Ang mga kaklase ko ay <u>halos</u> palaging nakikipagtext.

_____ 5. Si Felipe ay <u>tunay</u> na mahusay gumuhit ng larawan.

_____ 6. <u>Walang-takot</u> na lumalaban ang biktima ng pag-aabuso.

_____ 7. <u>Halos</u> kumpleto na ang koponan namin sa basketbol.

_____ 8. <u>Paulit-ulit</u> niyang sinusuklay ang kanyang mahabang buhok.

_____ 9. Ang mga kasambahay ni Tita Rachel ay <u>talagang</u> matapat.

_____ 10. Ang ilang mag-aaral ay <u>di-gaanong</u> magaling magbasa.

_____ 11. Ang mga bata ay <u>sadyang</u> pinabayaan niyang maligo sa ulan.

_____ 12. <u>Totoong</u> nakaaantok ang musikang tinutugtog sa radyo ngayon.

_____ 13. <u>Sobrang</u> seryosong nakikipagdebate si Jaime kay Noel.

_____ 14. Ang buhok ni Tatay ay <u>unti-unting</u> numinipis.

_____ 15. Dahil sa *lipstick* na gamit niya, ang kanyang mga labi ay <u>ubod nang</u> pula.

© 2014 Pia Noche

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagtukoy sa Salitang Inilalarawan ng Pang-abay (Mga Sagot)

Kakayahan: Naitutukoy ang salitang inilalarawan ng pang-abay sa pangungusap

Ikahon ang salitang inilalarawan ng pang-abay na may salungguhit. Isulat sa patlang kung ang salitang inilalarawan ng pang-abay ay **pandiwa**, **pang-uri**, o **pang-abay** din.

pang-uri 1. Inumin mo na ang kape habang medyo mainit pa ito.

pandiwa 2. Ang munting regalo ay magiliw na tinanggap ng bata.

pandiwa 3. Ang *prayer rally* ay mapayapang idinaos sa Luneta.

pang-abay 4. Ang mga kaklase ko ay halos palaging nakikipagtext.

pang-abay 5. Si Felipe ay tunay na mahusay gumuhit ng larawan.

pandiwa 6. Walang-takot na lumalaban ang biktima ng pag-aabuso.

pang-uri 7. Halos kumpleto na ang koponan namin sa basketbol.

pandiwa 8. Paulit-ulit niyang sinusuklay ang kanyang mahabang buhok.

pang-uri 9. Ang mga kasambahay ni Tita Rachel ay talagang matapat.

pang-abay 10. Ang ilang mag-aaral ay di-gaanong magaling magbasa.

pandiwa 11. Ang mga bata ay sadyang pinabayaan niyang maligo sa ulan.

pang-uri 12. Totoong nakaaantok ang musikang tinutugtog sa radyo ngayon.

pang-abay 13. Sobrang seryosong nakikipagdebate si Jaime kay Noel.

pandiwa 14. Ang buhok ni Tatay ay unti-unting numinipis.

pang-uri 15. Dahil sa *lipstick* na gamit niya, ang kanyang mga labi ay ubod nang pula.

© 2014 Pia Noche